# GENEVIEVE L. ASENJO

Propesor ng panitikan at malikhaing pagsulat si **Genevieve L. Asenjo** sa Pamantasang De La Salle sa Maynila. Kasama siya sa 2018 *Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art* (Literature) para sa kaniyang mga akda sa Kinaray-a, Hiligaynon, at Filipino. Ang kaniyang mga bagong aklat ay *Ang Itim na Orkidyas ng Isla Boracay: Mga Kuwento* (UP Press, 2021) at *Indi Natun Kinahanglan kang Duro nga Tinaga sa Atun Tunga/Hindi Natin Kailangan ng Maraming Salita sa Ating Pagitan: Mga Tula sa Kinaray-a & Filipino* (UP Press, 2021) na bahagi ng *Philippine Writers Series* 2021 ng LIKHAAN: UP Institute of Creative Writing. May online platform siya na *Balay Sugidanun* (*House of Storytelling*). Ilalabas ng Aklat Alamid ang kaniyang libro ng kuwentong-pambata sa Kinaray-a at Filipino ngayong 2022, ang *Buhok nga Naglimpyo kang Suba/Ang Buhok na Naglinis ng Ilog.*

# BINALAYBAY KADYA NGA AGA #3

May mga tinuga nga malaragway naton bangod aton nakita
sa anda pagpahimuyong: ang pispis kadya nga aga nga naghapon
sa linya kang koryente sa karsada sa pihak kang kamalig: abuhon
ang bulbol nga nagatakup, puti ang dughan paidalum. Gamay,
mahakup kang mga palad.

Nagapahimuyong man ako kadya nga aga
amo nga nakita ko nga naghugpà, naghapon,
hasta sa liwan na nga paglupad pangita kang lain
nga harapunan. Nagpakilala lamang pero wara
nagpaangkon, bisan sa akon panurok. May asul
ukon kanaryo nga bulbol sa anang ulo? Indi ko run
matandaan. Basta may kolor. Rugya ako sigurado.
Sangka detalye nga nagatugro kang kinalain;
lain ang puti sa itum kag kolor kang lupa ang akon panit.

Kumusta ang imong pagpahimuyong kadyang pandemya?
Ano ang imong nakita kag malaragway?
Rugya lang ako para mamati,
bisan magpungko lang man sa imo kilid,
kag maglantaw sa nagakalain-lain nga kolor sa palibot.

# TULA NGAYONG UMAGA #3

May mga nilalang na mailalarawan natin dahil nakita natin sila sa kanilang pananatili: ang ibon ngayong umaga na dumapo sa linya ng koryente sa kalsada sa kabila ng kubo: abuhin ang balahibo ng mga pakpak, puti ang dibdib pababa. Maliit, masasakop ng mga palad.

Nanatili rin ako ngayong umaga
kaya nakita ko itong dumapo, tumigil
hanggang sa muling paglipad at paghanap
ng ibang madadapuan. Nagpakilala lamang ngunit
hindi nagpaangkin, kahit pa sa aking paningin.
May asul o dilaw na balahibo sa kaniyang ulo? Hindi ko
matandaan. Basta may kulay. Dito ako sigurado.
Isang detalye na lumilikha ng pagkakaiba;
iba ang puti sa itim at kakulay ng lupa ang aking balat.

Kumusta ang iyong pananatili ngayong pandemya?
Ano ang iyong nakita at mailarawan?
Narito lang ako para makinig,
kahit maupo lang sa iyong tabi,
at manood sa pagbabago ng mga kulay sa paligid.

Katapusan